# Saksi Ako

A Lord's Flock General Assembly Topic
Ni: Fr. Bobby Dela Cruz
Hunyo 10, 2023

Para maging saksi ni Kristo dapat maipamalas natin sa ating salita, gawa at ugaling nagpapakita, nagpaparinig at naniniwala tungkol sa ating Panginoong Diyos na nagpapatawad sa atin at nangangakong mayroon tayong buhay na walang hanggan. Sa pamamagitan ng pagpapatotoo natin sa mga tao sa ating pananampalataya at paglalakbay kasama ang Diyos, ipinagmamalaki nating ibahagi ang ating relasyon sa Diyos. Binigyang diin ni Fr. Bobby ang kahalagahan ng pagpili at pagtawag sa atin ng Diyos upang makamit natin ang Kanyang kaluwalhatian (2 Thess.2:13-14). Sa kanyang mga personal na karanasan, natuto siyang magtiwala sa Diyos (Kawikaan 3:5-6). Bukod dito, napagtanto niya na mahalaga ang relasyon sa pamilya at ang suporta ng isang komunidad sa pagkakaroon ng isang matatag na relasyon sa bawat isa at sa Diyos.

**A.Kahalagahan ng May Magandang Relasyon sa Pamilya at May Komunidad**

Sa pagbuo ng maayos na relasyon sa pamilya at sa komunidad, dapat …

**1.kumustahing madalas nang may katapatan ang ating mga anak kung ano na ang kanilang pinagdadaanan.** Huwag paiba-iba at pabago-bago ang mga iniisip at sinasabi, (Sir.5:12). Ang maagang pagkawalay ni Fr. Bobby sa kanyang pamilya noong kabataan niya ay naging katibayan ng kanyang kalayaan sa pamilya.

2**. hindi kailan man gagamit ng banta, kaharasan para lamang igiit ang kagustuhan.** "Huwag kayong gumamit ng masamang pananalita; sikaping lagi na ang pangungusap ninyo'y yaong makabubuti at angkop sa pagkakataon upang pakinabangan ng makaririnig" (Efeso 4:29).

3**. huwag saktan ang mga anak maging ito ay pisikal o berbal. "**Mga magulang huwag ninyong ibuyo sa paghihimagsik laban sa inyo ang inyong mga anak dahil sa labis ninyong kahigpitan; sa halip palakihin sila sa aral at tuntunin ng Panginoon" (Efeso 6:4).

**4. igalang at magsabi ng mabubuting bagay sa inyong mga anak.** "Ang magiliw na pangungusap ay parang pulot-pukyutan, matamis sa panlasa, pampalusog ng katawan" Kawikaan 16:24.

**5. maglaan ng oras na makasama ang mga miyembro sa komunidad.** "Napakaligaya at kahanga-hanga sa ating pangmasid, ang nagkakaisa't laging sama-sama na magkakapatid" (Awit 133:1-2). Bilang bahagi ng komunidad, naipadadama sa atin na tayo ay kasama/kabilang sa pangkat. Naibabahagi natin ang ating sariling karanasan at suporta sa paglago ng bawat isa.

**Konklusyon:**

Ang pinakamahusay na magpatotoo ay ang nakararanas sa Diyos at nagpupuri sa Kanya. Saksi tayo sa ating mga karanasan kung anong kabutihan ang naidulot sa ating buhay. Sa Dugo at Katawan ni Hesus, ibinigay ng Diyos ang lahat-lahat: katawan at dugo (Banal na Eukaristiya). "Sapagkat tuwing kakain kayo ng tinapay na ito at iinom sa sarong na ito ay ipinahahayag ninyo ang kamatayan ng Panginoon hanggang sa muling pagparito Niya" (1 Corinto 11:26). Sa wakas, tayo rin ay may kakayahang magbigay ng lahat-lahat upang tayo ay pamarisan at maging inspirasyon sa iba.

**Pagninilay:**

1.Anong aspekto ng iyong buhay ang kailangan mo pang pagbutihin upang mapanatili nang maayos ang relasyon mo sa iyong pamilya?

2. Sa pagpapatotoo tungkol sa iyong buhay, gaano ka katapang na ibahagi ang kwento ng iyong buhay sa komunidad?

**Isinalin ni:** Sis. Thess P.Sarmiento
**Na-edit ni :** Sis Nida Cruz
**Inaprobahan ni:** Sis. Vera I. Tuplano
**For more teachings, visit our website:**
https://lordsflock.org/teachings/digests
Tags:#Panalangin #Pagpapatotoo